

Mga Iminumungkahing Pagtaas sa mga Singil sa Tubig

Ang Lungsod ng San Diego ay nagmumungkahi ng mga pagbabagong makakaapekto sa singil sa tubig.

Impormasyon sa Pampublikong Pagdinig

Isang pampublikong pagdinig ang gaganapin hinggil sa mga iminumungkahing pagtaas sa mga ipinasang singil sa tubig para sa taong 2023.

Gaganapin ang pampublikong pagdinig sa Setyembre 20, 2022, sa ganap na 2 p.m.

Pakikinggan at isasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod ang pasalitang testimonya at mga nakasulat na materyal na isusumite tungkol sa mga iminumungkahing pagtaas sa singil sa pagdinig. Magkakaroon ng awtoridad ang Konseho ng Lungsod na gumawa ng mga pagsasaayos sa mga iminumungkahing pagtaas sa singil bilang pagtugon sa pasalitang testimonya at mga nakasulat na materyal na isusumite para maisaalang-alang. Isasaalang-alang lamang ang pormal na nakasulat na protesta sa ilalim ng mga pamamaraan ng paglilista protesta sa Proposisyon 218 ng Lungsod at kailangan itong matanggap bago magtapos ang pampublikong pagdinig sa personal sa pampublikong pagdinig o sa pamamagitan ng sulat sa City Clerk, 202 C St., MS 2P, San Diego, CA 92101.

May karapatan kang iprotesta ang mga iminumungkahing pagtaas sa singil.

Ang nakasulat na protesta ay kailangang maglaman ng pahayag ng pagtutol sa pagtaas ng singil, numero ng parsela ng tagatasa ng ari-arian (property assessor parcel number) o address ng ari-arian at pangalan at pirma ng may-ari ng ari-arian o customer ng utilidad na nasa rekord na nagpaparehistro ng protesta. Isang protesta lamang ang ibibilang para sa bawat parsela o address. Hindi magiging kuwalipikado ang elektronikong protesta (email, mga mensahe sa social media, atbp.) bilang nakasulat na protesta sa ilalim ng mga iniaatas ng estado. Alinsunod sa batas ng estado, ipapalabas ang pampublikong pagdinig sa telebisyon sa City TV at kasabay na ipapalabas sa website ng Lungsod sa sandiego.gov/citytv. Higit pang impormasyon tungkol sa pag-access sa pagpupulong ng Konseho at pampublikong komento ang makikita online sa sandiego.gov/city-clerk/officialdocs/council-agendas-minutes-results. Sa pagtatapos ng pampublikong pagdinig, isasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod at maaaring aprubahan ang mga pagtaas ng singil. Isasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod ang mga pasalitang komento sa pampublikong pagdinig ngunit hindi magiging kuwalipikado ang mga ito bilang mga pormal na protesta maliban kung sinamahan ng nakasulat na protesta. Kung, bago lumampas ng pampublikong pagdinig ay hindi naiharap ang mga protesta laban sa mga ipinasang singil ng karamihan sa mga may-ari o nangungupahan sa ari-arian para sa pagbabayad ng mga singil sa utilidad, aawtorisahan ang Konseho ng Lungsod na magpatibay ng isang resolusyong magtataas sa mga ipinasang singil. Kung mapapagtibay, ang mga pagtaas sa 2023 ay magkakabisa sa Enero 1, 2023, at magsisimula ang kampanya sa pampublikong impormasyon upang matiyak na may kaalaman ang customer.

Alinsunod sa Government Code (Kodigo ng Pamahalaan) Seksyon 53759, mayroong 120-araw na batas na may hangganan para sa anumang aksyon o paglilitis sa hukuman na hahamon sa anumang panibago, tumaas, o pinalawig na singil o pagpataw sa tubig at alkantarilya.



Mga IMINUMUNGKAHING Ipinasang Singil sa Tubig

Lubos na umaasa ang San Diego sa tubig na inaangkat mula sa Hilagang California at Colorado River. Matagal nang bumibili ang Lungsod ng humigit-kumulang 85% hanggang 90% ng mga taunang pangangailangan nito sa tubig mula sa San Diego County Water Authority (SDCWA), na bilang kapalit ay bumibili ng tubig nito mula sa Metropolitan Water District of Southern California. Ayon sa kasaysayan, taun-taong itinataas ng SDCWA ang mga singil sa tubig. Ang mga pagtataas na ito ay batay sa mga gastos ng SDCWA para sa imprastruktura, pagpapatakbo, pagmementina at iba pang mga gastusing kailangan upang makakuha ng tubig sa ngalan ng mga miyembrong ahensya. Isinasama ng SDCWA ang lahat ng gastos nito sa mga singil nito sa tubig na ipinapasa sa pamamagitan ng mga miyembrong ahensya, gaya ng Lungsod ng San Diego.

Tuwing Hunyo ng bawat taon, inaaprubahan ng lupon ng SDCWA ang pakyawang pagtataas ng singil sa tubig na magtataas sa mga gastos sa pagbili ng Lungsod na magsisimula sa susunod na taon sa Enero 1.

Kasalukuyan at Pinakamalaking Buwanang Singil sa Serbisyo ng Tubig		
Sukat ng Metro	Kasalukuyang Singil	3% na Pagtaas na Ipinasa
5/8", 3/4"	\$27.09	\$27.91
1"	\$35.87	\$36.95
1.5"	\$55.97	\$57.65
2"	\$81.08	\$83.52
3"	\$140.09	\$144.30
4"	\$224.22	\$230.95
6"	\$432.65	\$445.63
8"	\$683.77	\$704.29
10"	\$977.57	\$1,006.90
12"	\$1,813.79	\$1,868.21
16"	\$3,153.50	\$3,248.11

Kasalukuyan at Pinakamalaking Buwanang Singil sa Produktong Tubig

Uri ng Customer	Kasalukuyang Singil	3% na Pagtaas na Ipinasa
Tirahang Pang-isahang Pamilya		
Baitang 1	\$/HCF	\$5.415
Baitang 2	\$/HCF	\$6.065
Baitang 3	\$/HCF	\$8.664
Baitang 4	\$/HCF	\$12.183
Tirahang Pangmaramihang Pamilya		
Pangkomersyo/Pang-industriya/Lungsod sa Labas	\$/HCF	\$6.394
Irigasyon	\$/HCF	\$7.265
Pansamantalang Konstruksyon	\$/HCF	\$7.388


Enero 1. Iminumungkahi ng Lungsod na ipasa ang gastos sa pagbili ng tubig mula sa SDCWA patungo sa mga customer batay sa mga singil na inaprubahan ng SDCWA noong Hunyo 2022 para sa taong 2023. Ang mga singil sa tubig ay inaasahang tataas ng hanggang 3% bilang ipinasa. Kung ang epekto ng pagtaas ng SDCWA sa mga nagbabayad ng singil sa Lungsod ay mas mataas sa 3%, hindi magpapatupad ng mas mataas pa ang Lungsod. Magbibigay ang Lungsod ng nakasulat na paunawa sa mga customer 30 bago ang petsa ng pagkabisa ng pagtaas ng singil na hindi hihigit sa 3% pagtaas sa lahat ng singil sa hindi nagbabago at produktong tubig.

Tandaan: Sinisingil ng Lungsod ang karamihan sa mga customer ng tirahang pang-isahang pamilya ng isang beses kada dalawang buwan. Ibig sabihin, kabilang sa bawat singil na natatanggap ng mga customer na ito ang mga singil para sa dalawang buwang serbisyo.

Makukuha ang impormasyong ito sa mga alternatibong format kapag hiniling.

Kasalukuyan at Pinakamalaking Buwanang Singil sa Serbisyo para sa Sunog

Sukat ng Metro	Kasalukuyang Singil	3% na Pagtaas na Ipinasa
1"	\$4.03	\$4.15
1.5"	\$4.03	\$4.15
2"	\$6.24	\$6.43
3"	\$24.17	\$24.90
4"	\$30.90	\$31.83
6"	\$45.64	\$47.01
8"	\$64.46	\$66.40
10"	\$83.27	\$85.77
12"	\$99.37	\$102.36
16"	\$161.13	\$165.97
20"	\$200.62	\$206.64



Paunawa ng Pampublikong Pagdinig

PETA: Setyembre 20, 2022

ORAS: 2 p.m.

LOKASYON 202 C St San Diego, CA 92101

Bukas ang Kamara ng Konseho para sa sa-personal na testimonya. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bumisita sa: sandiego.gov/city-clerk/officialdocs/council-agendas-minutes-results.



Mahalaga ang dokumentong ito sa lahat ng customer ng Lungsod ng San Diego at makukuha rin sa ibang mga wika sa aming website. Mangyaring bumisita sa sandiego.gov/rate-increases

MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG MGA KARAPATAN

Ibinibigay sa iyo ng Public Utilities Department ng Lungsod ng San Diego ang paunawang ito alinsunod sa Artikulo XIIID ng Saligang Batas ng California (kilala rin bilang "Proposisyon 218"). Sa ilalim ng mga tuntunin ng Proposisyon 218, inatasan ang Lungsod na abisuhan ang mga may-ari ng ari-arian na nasa rekord ng tungkol sa mga pagbabago sa mga singil na nauugnay sa ari-arian, gaya ng serbisyo sa tubig at maruming tubig.

Nagsisilbi ito bilang paunawa na magsasagawa ang Konseho ng Lungsod ng isang pampublikong pagdinig, sa oras, petsa at lugar na nakasaad sa itaas, upang isaalang-alang ang mga inirerekomendang pagsasaayos sa mga singil at ipinapataw sa serbisyo sa tubig ng Lungsod. Kung maaaprubahan, ang mga iminumungkahing pagsasaayos ay unang lilitaw sa mga singil simula sa Enero 2023. Ang lahat ng miyembro ng publiko ay iniimbitahang dumalo sa pampublikong pagdinig. **Bukod dito, sa ilalim ng batas ng estado ng California, maaaring magsumite ang lahat ng may-ari ng ari-arian at customer na nasa rekord ng nakasulat na protesta sa mga iminumungkahing pagbabago sa singil. Ang ipinadalang protesta ay kailangang matanggap bago lumampas ng Setyembre 20, 2022. Isang protesta kada parsela lamang ang pinahihintulutan.** Beberipikahin ang lahat ng nakasulat na protesta. Maaari ka ring dumalo sa pampublikong pagdinig sa petsa at oras na nakasaad sa itaas. Makukuha ang higit pang impormasyon online sa: sandiego.gov/rate-increases.



Kailangang ipadala ang nakasulat na nakalagay sa isang sobre o ihahatid sa: City Clerk, 202 C St., MS 2P, San

Diego, CA 92101. Ako na si _____, ay tumututol sa mga iminumungkahing pagtaas sa singil.

Numero ng Parsela o Address ng Tagatasa: _____

Pirma: _____